# Gawin ninyo sa mga gawain ang nakakayanan ninyo,Sumpa kay Allah,Hindi magsasawa si Allah hanggang sa kayo ay magsawa

Ayon kay Aieshah ,asawa ng Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ibinalita niya na si Hawla` bint Tuwayt bint Hubayb bin Abdul-Uzza`,ay dumaan sa kanya,at kasama niya ang Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-Nagsabi ako; Ito si Hawla`bint Tuwayt, at sinasabi nila na siya ay hindi natutulog sa gabi,Ang sabi ng Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-(( Hindi ka natutulog sa gabi! Gawin ninyo sa mga gawain ang nakakayanan ninyo,Sumpa kay Allah,Hindi magsasawa si Allah hanggang sa kayo ay magsawa))
[Tumpak] [Napagkaisahan ang katumpakan]

Dumaan si Khawla`bint Tuwayt kay Aieshah,at Nagsabi si `Aieshah kay propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-Ito si Hawla`bint Tuwayt,at siya ay nagdarasal sa buong gabi at hindi natutulog.Tinanggihan ng Sugo ni Allah pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ang pagdarasal niya sa buong gabi at siya ay nagsabi;(( Gawin ninyo sa inyong mga gawain ang abot ng inyong makakaya)).Ipinag-utos ng Propeta pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-sa babae na ito na tumigil sa mga gawain niyang napakarami,na magpapahirap sa kanya at hindi niya makakayanan sa hinaharap,Kaya`t huwag itong palagiin.Pagkatapos ay ipinag-utos niya Sumakanya ang pagpapala at pangangalaga-Na gawin natin sa mga gawain,ang abot ng ating kakayahan;((Sumpa kay Allah,Hindi magsasawa si Allah hanggang sa kayo ay magsawa)) ibig sabihin;Katotohanang si Allah ay ibibigay sa inyo ang gantimpala sa abot nang inyong gawain,kahit na panatiliin ninyo ang gawain ninyo,katotohanang si Allah ay gagantimpalaan Niya kayo rito,At kapag nagsawa ang alipin sa gawain at nahirapan siya ,titigilan ito at iiwanan niya ito,at titigilan din ni Allah ang pagbibigay ng gantimpala sa mga gawain na ito,Sapagkat ang alipin ay ginagantimpalaan dahil sa mga gawain nito,Kaya`t sinuman ang tumigil sa mga gawain nito,ay titigilan sa kanya ang gantimpala at kabayaran nito,Kung ang pagtigil niya rito ay walang sapat na dahilan tulad ng pagkasakit o paglalakbay,at ito ay siyang nakapamamayani sa kahulugan ng Pagka-inip na kung saan ay naiintindihan sa nakikitang Hadith,na Ang Allah ay Nagtatangi nito,at ang Pagka-inip ng Allah ay hindi tulad ng pagka-inip natin,Sapagkat ang pagka-inip natin ay pagka-inip na may pagod at katamaran,At ang Pagka-inip ni Allah -Kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan,katotohanang ito ay Pagtatanging nauukol sa kanya lamang-Kapita-pitagan Siya at Pagkatas-taas Niya,na naayon sa Kadakilaan Niya,At si Allah-Napaka-maluwalhati Niya at Pagkatas-taas Niya,ay hindi dumarating sa Kanya ang Pagod at hindi dumarating sa kanya ang Katamaran.